# Sundin lamang ang mga patakaran sa paghiwa-hiwalay ng basura.
# (Patnubay para sa paghiwa-hiwalay ng basura at pag-recycle sa Akashi City)

**Tagalog**

Isulat sa mga blanko ang araw ng koleksyon ng iyong lugar, atbp.

## Basurang nasusunog

Tuwing linggo sa araw ng (　　) at (　　)

- Basurang pagkain
- Bagay yari sa balat
- Plastik na basura
- Bagay yari sa goma

●Patuluin ng husto ang mga basurang pagkain bago ito itapon.

●Ibigkis o isupot ang mga damo o kahoy, at itapon ng paunti-unti (2〜3 supot).

●Ilagay lamang sa kahong pangkolekta ng mga supermarket ang puting tray ng mga pagkain.

## Basurang hindi nasusunog

Tuwing (　　) at (　　) Miyerkoles ng buwan

- Mga palayok at kristal na bagay
- Mga metal na bagay
- Maliliit na de-kuryenteng gamit sa bahay
- Iba pa

●Para walang panganib ibalot sa pahayagan, atbp, at sulatan ng "キケン (mapanganib)", ang mga basag na pinggan o mga kutsilyo, kapag ito ay itatapon.


●Butasan ang mga lata ng spray at lata ng gas kapag naubos na ang laman, sa lugar na maganda ang bentilasyon sa labas ng bahay, dahil may panganib na ito ay sasabog sa loob ng trak ng basura, ilagay ito sa hiwalay sa supot at sulatan ng "ボンベキケン (lata ng gas, mapanganib)", at ilagay ang supot na hiwalay sa ibang basura.

●Ilagay lamang sa kahong pangkolekta ng mga tindahang nagbebenta nito ang mga bateryang parang butones at ang mga bateryang maaaring i-recharge.

## Papel at tela

Tuwing (　　) Sabado ng buwan

- Paketeng papel
- Pahayagan
- Carton
- Magasin at iba't ibang papel
- Tela




●Kumukolekta kahit na may ulan.

●Sa lugar na nilalagyan ng basurang hindi nasusunog at mga materyales na bagay, hinihiwa-hiwalay sa 5 uri ang basura kapag inilagay.

●Gamitin din ang kolektibong koleksyon sa mga lugar na isinasagawa ito.

●Ang mga telang gamit ay dapat malinis at tuyo para magamit muli, ilagay lamang sa plastik na supot.

## Materyales na bagay

Tuwing (　　) at (　　) (　　) Miyerkoles ng buwan

- Walang lamang mga lata
- Pet bottle
- Walang lamang bote

●Para sa mga inumin at pagkain (ang laki ng bakanteng lata ay hanggang sa mga 1 litrong lata)

●Tanggalin ang takip (pati ang label ng mga pet bottle), at hugasan ng kaunti bago itapon.

●Huwag pisain ang mga bakanteng lata at pet bottle.

**Huwag ilabas ang basura sa araw bago ang araw na kinokolekta ang basura.**
**Ilabas ito hanggang alas-8 ng umaga sa araw na kokolektahin ang basura.**

Gamitin ang 45 litrong plastik na supot na walang kulay na nakikita ang laman o ang kulay asul na uri, itali ng husto ang bukasan bago ilabas ito. Ang bigat ng supot ay dapat mabibitbit ng isang kamay lamang (mga hindi aabot ng 5 kilo). Magtapon lamang ng hanggang 3 supot sa bawat araw na kinokolekta ang basura.

## Malalaking basura


Sodaigomi Uketsuke Center (☎937-0937)

Hindi maitatapon sa karaniwang lagayan ng mga basura ang mga malalaking basura na hindi kasyang ipasok sa 45 litrong plastik na supot at ang mga mas mabigat pa sa 5 kilo.

**Paraan ng paghiling**

①Tumawag sa Sodaigomi Uketsuke Center (center na tumatanggap ng malalaking basura) (☎937-0937).
Tumatanggap ng mga tawag mula Lunes hanggang Biyernes (kahit na pista opisyal), mula alas-9 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi. Wikang Hapon lamang ang magagamit.

②Bumili lamang ng nakatakdang halaga ng tiket sa pagtapon ng malalaking basura.
Bilhin lamang ang sinabing nakatakdang halaga nang tumawag, sa post office, citizen's center, citizen's service corner, panlahatang counter sa munisipyo ng Akashi, o sa mga tindahang sa kanan na may nakalagay na karatula (convenience store, supermarket, tindahan ng bigas, atbp).




③Ipaskil sa madaling makitang lugar ang tiket sa pagtapon ng malalaking basura, at ilagay bago alas-8 ng umaga sa araw at lugar ng itinakda noong tumawag, pag-ingatan lamang na hindi matumba, atbp.

## Direktang pagdala sa Akashi Clean Center

※Maaari ring dalhin ng direkta sa Akashi Clean Center na gamit ang sariling sasakyan, atbp. Ito ay may bayad at kailangan ng paunang pagpapareserba.

**Paraan ng paghiling** Tumawag sa Sodaigomi Uketsuke Center (center na tumatanggap ng malalaking basura) (☎937-0937).

Tumatanggap ng mga tawag mula Lunes hanggang Biyernes (kahit na pista opisyal), mula alas-9 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi. Wikang Hapon lamang ang magagamit.

## Mga bagay na kinokolekta kahit sa mga pasilidad

May mga bagay na maaari din namang itapon bilang basura na kinokolekta sa City Hall ng Akashi, Citizen's Center, atbp, sa layunin ng karagdagang pag-recycle.

Para sa detalye, magtanong lamang sa Resource Recycling Division (☎078-918-5794). (Wikang Hapon lamang ang magagamit.)

### Langis para sa pagluluto ng pagkain

Kinokolekta ang hindi na kailangang langis para sa pagluluto (langis mula sa halaman ng ginagamit sa pagluluto ng tempura). Magtanong lamang sa Resource Recycling Division.

### Maliliit na de-kuryenteng gamit sa bahay

Kinokolekta ang maliliit na de-kuryenteng gamit sa bahay tulad ng mobile phone, kompyuter, digital camera, CD player, atbp. Para sa mga detalye tungkol sa lugar ng pagkolekta, oras, uri ng gamit, atbp, magtanong lamang sa Resource Recycling Division.

## Basurang hindi makokolekta ng lungsod

**Basura sa trabaho** **Basurang napakarami na minsanan lamang lumalabas**

●Mga basurang hindi galing sa bahay, basura sa mga kumpanya, tindahan, ospital, inuman at kainan, at iba pang mga lugar ng negosyo.

●Minsanang lumalabas na maraming basura kapag lumipat ng bahay o nag-ayos ng hardin, atbp.

Direktang dalhin ito sa Akashi Clean Center (tignan lamang ang patnubay na nakasulat sa kaliwa) o direktang makipagkasunduan sa isang kumpanya na pinahintulutan ng lungsod na mangolekta at magdala ng basura, at ipaubaya sa kanila ang pagkuha ng basura.

**Ang mga bagay na nakatakda sa Home Appliance Recycling Act**

●Aircon, telebisyon, refrigerator (freezer), washing machine, clothes dryer

Ipakuha lamang sa [tindahang pinagbilhan], [tindahang bibilhan ng kapalit], o sa [mga nagre-recycle na tindahan sa loob ng lungsod].

**Ang sistema ng pag-recycle ng kompyuter**

●Ang motherboard ng kompyuter, ang monitor, atbp.

Humiling sa bawat kumpanyang gumawa na kunin. Kinukuha din ng pasilidad ng lungsod ang mga kompyuter (tignan lamang ang gabay na nakasulat sa kaliwa).

**Mahirap itapon na mga bagay at mapanganib na mga bagay**

●Karayom ng iniksyon
Huwag na huwag ito ilagay sa basura dahil mapanganib.
Humiling na itapon ng wastong paraan sa medikal na institusyon o parmasya na pinupuntahan.

●Fire Extinguisher
Tumawag sa Fire Extinguisher Recycle Center (☎03-5829-6773).

●Altar ng Budista at mga gamit sa altar, piano, gulong, motorsiklo, baterya, materyales ng pintura, piyesa ng bisikleta, thinner, basurang mantika, mga kemikal (insecticides at herbicides), lalagyang tanke ng LP gas, basura ng konstruksyon (bloke ng konkreto, kahoy na materyales, atbp), gamit sa pagsasaka, gamit sa pangingisda, atbp.
Tawagan ang gumawang kumpanya o ang nagbentang tindahan.

※Kapag tatawag sa telepono, isang taong marunong makipagusap sa wikang Hapon ang dapat tumawag.